

**Pagtanaw sa mga Serbisyong Pangkabataan, sa Pagpapagamot at
Pagbabago dala ng Ipinagbabawal na Gamot at Serbisyong Pagpapabuti
sa Komunidad sa Hong Kong**
**Overview on Youth Services, Drug Treatment and Rehabilitation Services
and Community Development Services in Hong Kong**

Paraan ng Serbisyo

Service Direction

- Kami ay nagpatibay ng pangkalahatang pamamaraan ng serbisyo upang matugunan ang iba't- iba at pabago-bagong pangangailangan ng mga kabataan.
- Ang Social Welfare Department ay sumusuporta at sumusubaybay sa mga non-government organization upang magpatakbo ng isanga malawak na serbisyo para sa serbisyong, magpapabuti at makalulunang sa mga kabataan, upang sila'y matulungan na maging responsable at maging ganap na miyembro ng lipunan.

A. Mga Pangunahing Serbisyong Pangkabataan sa Hong Kong

Major Youth Services in Hong Kong

Maagang Pagtuklas at Pagsugpo

Early Identification and Intervention

Mga Pinagsama-samang Sentro ng Serbisyong Pambata at Pangkabataan

Integrated Children and Youth Services Centres

- Ang mga *Integrated Children and Youth Services Centres* ay itinatag upang makapaglingkod sa mga magkakapitbahay na kabataan na may edad 6 hanggang 24. Ang mga serbisyong ibinibigay ay sa pamamaraang pangkalahatan. Kasama sa mga programa ay ang pagpapatnubay at pagpapayo, serbisyong sumusuporta para sa mga kabataang nasa hindi magandang kalagayan, programang pakikipagkapwa tao at pagpapaunlad sa responsibilidad at kakayahan sa lipunan. Ang mga non-core programmes tulad ng drop-in services, mga interest group, summer youth programmes, at study room service ay inilalaan din upang makapagbigay ng pagkakataon sa mga kabataan upang gamitin ng maayos ang kanilang oras . Para sa iba pang listahan ng mga centres, bumisita sa website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Serbisyong Paggawa sa Paaralang Panlipunan

School Social Work Service

- Ang School Social Work Service ay ipinatupad alinsunod sa patakaran na **“isang social worker sa bawat sekondaryang paaralan”**. Bawa’t sekondaryang paaralan ay mgkakaroon ng isang full-time social worker upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang mga aralin, panlipunan o mga maemosyonal na problema. Maaaring sumangguni sa mga naturang paaralan para sa mga katanungan.

Programa sa Pangangalaga Pagkatapos ng Paaralan

After School Care Programme

- Nilalayan ng Programa sa Pangangalaga Pagkatapos ng Paaralan (ASCP) na magbigay ng mga **serbisyong pansuporta para sa mga bata na may edad 6 hanggang 12** na ang mga magulang ay hindi kayang magbigay ng tamang pangangalaga para sa kanila sa panahon ng **mga oras pagkatapos ng paaralan** dahil sa trabaho o ibang mga rason. Kasama sa mga serbisyo ang paggabay sa aralin sa bahay, serbisyo sa pagkain, paggabay at pagtuturo ng magulang, pagkatuto sa kasanayan at ibang mga gawaing panlipunan. Para sa listahan ng mga sentro, mangyaring sumangguni sa website ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan sa www.swd.gov.hk.
- Ang mga Sentro ng ASCP ay pinatatakbo sa batayan ng **sariling pagpopondo at paniningil ng bayarin**. Sa ilalim ng “Iskema ng Subsidyo na Hindi na Sinisingil ang Bayarin”, mga subsidyo ng ganap na hindi paniningil ng bayarin o pagkaltas ng kalahati sa bayarin ay ibinibigay sa mga hikahos na pamilya na may mababang kita na nakikisangkot sa bukas na empleyo o tumatanggap ng pagsasanay na may kaugnayan sa trabaho upang gamitin ang ASCP, upang palakasin ang kanilang pagsalalay sa kanilang sarili. Maaaring dumirekta at lapitan ng mga hikahos at karapat-dapat na pamilya ang mga sentrong kinauukulan para sa paggawa ng mga aplikasyon.
- Upang palakasin ang suporta sa mga magulang na nagtatrabaho sa mga mas mahaba/hindi karaniwang oras, sa mga dulong-linggo, o sa mga nagbabalak na sumali sa lakas paggawa, simula Disyembre 2014, ang ASCP ay pinahusay sa pamamagitan ng pagpapalawig ng mga oras sa serbisyo sa mga gabi ng dulong-linggo, mga Sabado, mga Linggo at piyestang pampaaralan sa ilang mga sentro ng ASCP na may karagdagang mga lugar para sa hindi paniningil ng bayarin at pagkaltas ng bayarin.

Suportang Napapanahon

Timely Support

Serbisyong District Youth Outreaching Social Work

District Youth Outreaching Social Work Service

- Ang District Youth Outreaching Social Work Teams ay naglalaan malawakang pagsakop **upang maabot at makapagbigay ng payo at gabay** sa mga kabataan na may edad mula 6 hanggang 24 na madaling maimpluwensiyang at hindi kadalasang lumalahok sa mga panlipunan o pangkabataang. Ang serbisyo ay mabisa upang matalakay ang mga pangangailangan ng kabataan na humaharap sa mga suliraning grupong pangkabataan. Para sa mga iba pang listahan ng teams, bumisita sa website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Serbisyong Overnight Outreaching para sa Kabataang Night Drifters

Overnight Outreaching Service for Young Night Drifters

- Ang Overnight Outreaching Service for Young Night Drifters ay inilalaan batay sa isang malawakang pagsakop sa mga **high-risk young night drifters** na nalalantad sa posibleng mga panganib. Para sa iba pang listahan ng teams, bumisita sa website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Serbisyong Hotline para sa mga Kabataang Nasa Panganib

Hotline Service for Youth-at-Risk

- Ang Hotline service ay pinamamahalaan ng Hong Kong Federation Youth Groups (2777 8899) upang makapagbigay ng agad na payo sa mga kabataang nasa panganib at humaharap sa krisis sa pamamagitan ng **pagtawag sa telepono**. Kasama sa mga serbisyong inilalaan sa mga tumatawag ay ang paggabay at pagbigay ng payo sa telepono, at agarang pagsasangguni sa mga nararapat na grupo.

Iskema ng Suportang Pandistrito para sa Pag-unlad ng mga Bata at Kabataan

District Support Scheme for Children and Youth Development

- Ang mga inaasinta ng Iskema ay mga bata at kabataan na may edad 24 o pababa na nakukulangan sa pinansiyal o nasa mga mahirap na sirkumstansiya sa mga distrito. Ang mga mapagkukunan ay ipinamamahagi bilang **direktang tulong na pera** upang subsidyuhan ang mga gastusin ng mga indibidwal na item para sa

mga bata at kabataan upang tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pag-unlad. Maaaring lapitan ng mga hikahos na mamimili na tumatanggap ng mga serbisyo ng gawain sa kaso ang kanilang mga responsableng manggagawang panlipunan para sa mga detalye.

Pag-akay sa mga Kabataan pabalik sa Tamang Daan
Steering Young People back to the Right Course

Community Support Service Scheme

- Ang Community Support Service Scheme (CSSS), sa pangangasiwa ng Police Superintendent's Discretion Scheme, ay naglalayon na tumulong sa mga kabataan na may pag-asang pang makabalik sa pag-aaral o pagtatrabaho at bawasan ang makapanakit. Kasama sa mga serbisyo ang pagpayo sa mga indibidwal at pamilya, therapeutic groups, skill training o mga grupong nakapagtuturo, mga adventure activities, pati na rin sa mga serbisyong nakalilibang para sa komunidad. Para sa mas maayos na serbisyo, ang bawat team ng CSSS ay nakaugnay sa Integrated Children and Youth Services Centre para sa mga Kabataan. Para sa iba pang listahan ng teams, bumisita sa website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

B. Mga Serbisyo para sa Paggamot and Pagbabagong-buhay ng mga Gumagamit ng Ipinagbabawal na Gamot

Sentro ng Pagpapayo para sa mga Nang-aabuso ng Bawal na Gamot

Counselling Centres for Psychotropic Substance Abusers

- Nilalayon ng Sentro ng Pagpapayo para sa mga Nang-aabuso ng Bawal na Gamot sa pagbibigay ng pagpapayo at tulong sa **malimit/paminsan-minsan/potensiyal na nang-aabuso ng bawal na gamot at sa mga kabataan na nasa panganib** na may pagtanaw na tulungan sila na umiwas sa pag-abuso ng bawal na gamot at bumuo ng malusog na istilo ng pamumuhay. Kasama sa mga serbisyong ibinibigay ang (i) pagpapayo sa kaso at grupo para sa mga nang-aabuso ng bawal na gamot at mga miyembro ng kanilang pamilya; (ii) mga karaniwang programa sa edukasyon na pamigil para sa mga mag-aaral ng mga sekondaryang paaralan, mga institusyon pagkatapos ng sekondarya, at mga organisasyon sa pagsasanay na bokasyonal, at ang pangkalahatang publiko sa antas ng

pamayanan; (iii) pagsasanay na propesyonal para sa mga propesyonal na kaalyado; at (iv) serbisyong suportang medikal sa lugar mismo para sa mga hikahos na tao upang maagang matukoy at maudyukan sila na sumailalim sa mga serbisyo ng maagang paggamot at rehabilitasyon. Para sa listahan ng mga sentro, mangyaring sumangguni sa website ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan sa www.swd.gov.hk.

Pamahayang Paggamot sa Ipinagbabawal na Gamot at mga Sentro para sa Pagbabagong-buhay at mga Halfway Houses

Residential Drug Treatment and Rehabilitation Centres and Halfway Houses

- Ang Pamahayang Paggamot sa Ipinagbabawal na Gamot at mga Sentro para sa Pagbabagong-buhay at mga Halfway House ang nagsisilbi sa mga taong umaabuso sa ipinagbabawal na gamot na nagnanais at kusang-loob na naghahanap ng Pamahayang Paggamot sa Ipinagbabawal na Gamot, Pagbabagong-buhay at makabalik sa Lipunan. Dahil sa tuloy tuloy na serbisyo at pagkakaloob sa pag-aalaga ng tao pagkatapos niya gumaling, naglalayong itong matulungan ang taong umaabuso sa ipinagbabawal na gamot na iwanan na ang ganitong ugali at makamit ang positibong pagbabago sa pag-uugali, bumuo ng isang bagong direksyon sa buhay at muling sumali sa komunidad. Para sa listahan ng mga sentro, mangyaring sumangguni sa website ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan sa www.swd.gov.hk.

Sentro na Pagpapayo sa Bawal na Gamot

Centres for Drug Counselling

- Ang layunin ng Sentrong Pagpapayo sa Bawal na Gamot ay tumulong sa dating umabuso sa bawal na gamot sa pamamagitan ng pagpigil nito at tulungan sila at ang mga kapamilya nila ng makitungo sa mga problema ng nagreresulta sa pagaabuso sa bawal na gamot. Kasama sa mga serbisyong ibinibigay ay (i) indibiduwal or pang grupong pagpapayo, (ii) pang grupong gawain, (iii) Mga serbisiyo pang-edukasyong pangontra hinggil sa ibat ibang mga grupo; (iv) lugar na pinaggaganapan para sa mga serbisyong medical upang kilalanin kaagad at ganyakin ang mga dating umabuso sa bawal na gamot na matamo sa madaling panahon ang paggagamot at pagbabagong-tatag. Para sa listahan ng mga sentro, sumangguni sa “website” ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan sa www.swd.gov.hk.

C. Community Development Services

Community Centre

- Ang Community Centre ay ang sentro ng lokalidad para sa lahat. Ito'y nagtataguyod ng mga suportang panglipunan: at pagbutihin ang pagtitiwala sa sarili, maging responsable sa pakikipag-uganayan sa lipunan; at mabigyan ng pagkakataon ang mga indibidwal at pamilya na lutasin ang mga suliranin sa komunidad at pagbutihin ang kalidad ng pamumuhay. Para sa iba pang listahan ng centres, bumisita sa website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Neighbourhood Level Community Development Project (NLCDP)

- Ang Neighbourhood Level Community Development Project (NLCDP) ay naglilingkod sa mga mahihirap at walang permanenteng tirahan na kung saan ang mga serbisyo at pasilidad para sa kagalingan ay hindi sapat. Ang serbisyo ng NLCDP ay inaasahan na mawawala sa pagdagsa ng mga mas maraming serbisyo sa mga lugar na may pansamantalang pabahay, lugar ng mga squatters, at, mga pampublikong pabahay, etc. Para sa iba pang listahan, bisitahin ang website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Care and Support Networking Team (CSNT)

- Ang Care and Support Networking Team (CSNT) ay naglalayon na makatulong sa mga dating bilanggo, mga dating may sakit sa pag-iisip at mga taong natutulog sa bangketa sa West Kowloon, upang sila ay muling maisama sa komunidad sa pamamagitan ng pagbigay ng suporta at pagbibigay ng iba't ibang serbisyo. Para sa iba pang listahan, bisitahin ang website ng Social Welfare Department sa www.swd.gov.hk.

Youth Section

Youth and Corrections Branch

Social Welfare Department

Nobyembre 2016